

Gyro MAG-KAISA FUKUSHIMA

Fukushima International Association

Date of Issue : March, 2013

Dalawang taon na ang nakalipas mula ng magyari ang 311 East Japan na lindol. Nais naming pasalamatang hindi lang ang buong Japan ganoon din sa buong mundo na walang sawang sumoporta.

Ating tunghayan ang aming newsletter GYRO kung saan inilalathala ang mga paunahin updates sa mga sitwasyon ngayon sa lalawigan ng Fukushima sa mga lokal na aktibidad ng mga migrante at iba paang mga organisasyon.



Senaryo sa Fukushima



Pagaalis ng mga debris simula ng maalis ang boundary ng evacuation zone (kuha noong 2.5,2013 sa Minami Soma City Odaka Ward)

Ang Odaka Ward ng Minami Soma ay itinakalang evacuation zone ng mangyari ang pagsabog ng Nukleyar plant. Ngunit noong, Abril 2012 natanggal ang mga warnings sa mga parte ng Odaka at sinimulan ng pag-alis ng mga Debris ng buwan ng Pebrero 2013.

At inaasahan ng Ministro ng Kalikasan na maalis ang mga debris ng Marso 2014.



Ang Pagsasanay para sa mga Exchange Students sa (kuha noong 2.5,2013 sa Iwaki City)

Isang pagsasanay sa paghahanda kung may Disaster ang ginanap sa Taira Fire Department sa mga exchange students ng Tsina, Nepal at Myanmar na lumahok sa pagsasanay na ito. Ang pagsasanay na ito ay nagbigay ng maikling balangkas kung papano ang paggamit ng 119 at iba pang pamamaraan na dapat sundin sa panahon ng disaster. Ang mga studyante rin ay nagsanay sa paggamit ng Fire extinguisher.



Pagkaraan ng 2 taon ay binuksan na sa publiko ang pasyalan Hanami Yama (Fukushima City)

Noong Pebrero 1, binuksan sa publiko ang Hanami Yama Park. Sa panahon ng pagsibol ng Cherry Blossom, isang ruta ang ihahanda para sa mga mahilig mag hiking. Simula sa Abril 6, may mga shuttle bus ang matatagpuan sa istasyon ng bus sa Fukushima papuntang Hanami Yama Park. At ito ay magbibigay ng sigla sa turismo ng industriya ng Fukushima.

※Ang mga litrato ay kuha noong Abril 21,2012.



Tinig mula sa mga Naninirahan sa Fukushima

Ginoong Chamila Larunatilake (lalake mula sa Sri-Lanka, naninirahan sa Aizu-Wakamatsu City)

Bagaman hindi masyadong naapektuhan ng Great East Japan Earthquake, Ako ay nag-alala dahil hindi ko magamit ang aking telepono at ang aking internet ay disconnected ng panahon na iyon. Pagkatapos ng sakuna ako ay tumulong sa mga professor mula sa aking Unibersidadat mga kaibigan sa pag gawa ng boluntaryo. Ako ay namangha sa mga lugar na naapektuhan ng tsunami kung paanong ang mga lugar ay nawasak at ganoon rin na impressed sa pinakitang lakas ng mga Hapon sa krusiyal na panahong ito. Hindi ko ito makakalimutan. Aaking natunghayan ang kalakasan at sinsiredad ng mga Hapon.

Sa aking karanasan ng sakuna, aking inumpisahan ang paggawa ng paghahambing sa normal na level ng radyasyon at sa level sa Fukushima.. At ako din ay gumawa ng pananaliksik ukol sa apekto sa kalusugan ng radyasyon. Mas lalo kong naintindihan ang tungkol sa nukleyar at sa insidenteng naganap noon. Nagkaroon ako ng kaalaman ngayon tungkol dito. Nawala ang aking pangamba at alam kong nasa tama ang aking paghusga sa mga bagay bagay.

Ang Aizu ang aking tahanan at ako ay naniniwala na na makakaraos ang Lungsod ng Fukushima sa sakuna. At nais kong ako ay naririto pa rin upang matunghayan ito.

Ginoong Hayato Kanno (lalake mula sa Fukushima City)

Sa aking karanasan sa kalamidad, Aking pinalitan ang aking pag-iisip sa pag-aalala sa mga bagay bagay.

Marami akong nakilalang mga dayuhan na estudyante noong ako ay nag aaral pa sa kolehiyo.. Nais kong gamitin ang aking karanasan sa pagpapakilala ng kultura ng Hapon at pagpatuloy ang pag-aaral ng ibat ibang linguahe. Atsaka ako ay kumuha ng kurso bilang language teacher. at ganoon din nagbubulantaryo sa pagtuturo ng salitang hapon. Nais kong bigyan ng suporta sa abot nang aking makakaya ang mga dayuhan hindi lang sa salitang hapon.

Aking magagamit ang aking mga natutunan at karanasan s ibat ibang okasyon, ako ay nakibahagi sa ibat ibang programa sa pagsasanay at international exchange event kung saan maari kong pag-aralan. Ngunit, ang aking napansin ay mahirap bumuo ng relasyon sa iba. Naniniwala ako na sa pagbuo ng samahan at magkaroon ng panatiling komunikasyon ay isang daan upang masuportahan at Lungsod ng Fukushima sa kanyang pagbangon.



Impormasyon Plaza sa paglilinis ng Gas



Ang Impormasyon Plaza ng Paglilinis ng Gas ay matatagpuan sa Fukushima na nagbibigay ng impormasyon at kasagutan sa mga katanungan hinggil sa paglilinis ng gas at nagbibigay ng impormasyon hinggil sa radyasyon.

Sa loob ng plaza , may mga booths na nakadisplay upang bigyan ang mga mamayan ng karunungan ukol sa paglilinis at radyasyon, ganoon din sa kaalaman ng pamaraan ng paglilinis ng gas sa lungsod, karatig pook at nayon, Gayundin, isang modelo ng isang imbakan kung saan itinatago ang nahawang

lupa at mga materyales para sa paglilinis ay nakadisplay. Ito ay ginawa upang ipakita sa mamayan ang resulta ng paglilinis at mabigyan ng komfirmasyon ang mga mamayan ukol sa kanilang kaligtasan ng pag imbak ng mga nahawan na lupa . Ang mga tagapayo ay laging nasa site, at maaring masagot ang mga katanungan ng mga mamayan ukol sa radyasyon.

Impormasyon Plaza ng Paglilinis ng Gas

sa Telepono bilang 024-529-5668 at sa website URL: <http://josen-plaza.env.go.jp/>



Mga boses mula sa iba't ibang dayuhan na naninirahan sa Fukushima



Tameria Brent (Iwaki City)

I've been living in Iwaki since September 2009. I was here before and after the disaster on March 11, 2011. I work at Iwaki Amity English School and I love my job, the teachers, and the children. It's truly a blessing working there. After the disaster, I went to Nasu, Tochigi for 3 weeks until the school reopened and my apartment was inspected for safety. I stayed with my church family from

Global Mission Center and friends. It was hard because I was far away but great because I was with people who loved and cared for me and they cared for others.

I love Iwaki!! I hope that I can stay here for a long time. The people here are wonderful! Throughout my time here, I have met so many people from around the world. Because of the disaster I have gain a larger family.



Mga aktibidad ng International Association



Mga litrato kuha ng mga dayuhan Cool Japan

Ang Cool Japan ay eksibisyon ng ibat ibang litrato na sponsor ng Koriyama International Exchange Association. Ito ay mga eksibisyon ng litrato kuha ng mga dayuhan naninirahan sa Japan, na nais nilang ibahagi ang kanilang karanasan sa pamamagitan ng litrato. Ang tema ng mga litrato ay ang apat na panahon, mga tagpuin sa pang araw araw na pamumuhay, mga di makakalimutan paglalakbay na may mga malalakas na uri. Maraming mga tao ang tumingin sa litrato at na impressed.



Hina Festival at Rice Cake Making

Noong Marso 3, ginanap ang Hina Festival at paggawa ng rice cake na inisponsoran ng Soroptimist International Marine Iwaki. Sa mga lumahok na 70 katao na puro dayuhang ina at mga lumikas mula sa bayan ng Okuma. Ang mga lumahok ay may mga inihandang chirashi sushi at mga sabaw na may lahod na rice cake.

Ganoon ng araw na iyon ay namigay sila ng mga laruan mula sa Sagip Migrante ng Nagoya na pinamumunuan ni Ginoong Nestor Puno.



Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima (pansamantalang halaga)

Ang mga impormasyon ay nakuha sa website ng Pamahalaan ng Fukushima

Ang mga impormasyon sa ibinibigay ng Pamahalaan ng Lungsod ng Fukushima ukol sa radiation level sa ibat-ibang wika tulad ng English, Intsik at Hapon. At ang Fukushima International Association website ay nagbibigay sa wikang nasa itaas at Tagalog, Koreano, at Portuges.

Unit : mikro sievert /oras

Date Oras ng pagsukat	Fukushima City	Koriyama City	Shirakawa City	Aizu Wakamatsu City	Minami Aizu Town	Minami Soma City	Iwaki City
(normal na halaga)	0.04	0.04-0.06	0.04-0.05	0.04-0.05	0.02-0.04	0.05	0.05-0.06
2013.3.13 9:00	0.58	0.51	0.18	0.08	0.06	0.32	0.09
Measurement device	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	IMP
Direksiyon at Distansiya from 1st power plant	Hilaga Kanluran About 63km	Kanluran About 58km	Timog Kanluran About 81km	Kanluran About 98km	Kanluran Timog Kanluran About 115km	Hilaga About 24km	Timog Timog Kanluran About 43km

※Ang sukat ng Radiation level sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradahan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office. Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.



Impormasyon

OImpormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon sa ibat –ibang wika.

- Ang linguaheng English ,Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon
- At para sa mga salitang Korea, Tagalog at Portuguese Tuwing ika- apat at limang Miyerkoles, mula ala una hanggang ala singko ng hapon .Kailangan munang tumawag upang makipag-usap sa kinauukulan.

Publisher

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308

E-mail info@worldvillage.org URL <http://www.worldvillage.org>